

ITINALAGANG PONDO NG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN:

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Isabela ay naglaan ng Sampung Milyong Piso (PhP10,000.000) sa National Food Authority (NFA) para sa “Ayuda Sa Presyo” ng palay at mais .

ITINALAGANG PONDO NG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN:

PRODUKTO	PRESYO NG NFA	AYUDA SA PRESYO	PANTAWID PAMASAHE PROGRAM	PANGKALAHATANG PRESYO
PALAY	17.40	4.00	0.50	21.90
MAIS	12.30	2.50	0.50	15.30

Ang programang “AYUDA SA PRESYO” ay isa sa mga programang kaloob pagmamahal sa mga mag-sasakang Isabeleño sa pamamahalang:
Kagalang-galang FAUSTINO G. DY III - Governor
Kagalang-galang TONYPET T. ALBANO - Vice Governor
All Provincial Officials



MGA MAARING SANGGUNIIN TUNGKOL SA MGA PROGRAMA NG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN

JESSIE JAMES P. GERONIMO

Provincial Information Office
CP#09054902007

MANUEL S. ACIERTO

Office of the Provincial HealthCare
CP#09274294950

DANILO B. TUMAMAO

Office of the Provincial Agriculturist
CP#09172412231

DR. ANGELO C. NAUI

Office of the Provincial Veterinarian
CP#09178894603

MS. LILIA CASTILLO

Provincial Cooperative Development Office
CP#09158608020

ALL BRO PERSONNEL

Tel/Fax#078-323-2598

PARA SA KATANUNGAN,
TUMAWAG O MAG-TEXT SA
C.P. # 0917-809-3178



Republic of the Philippines
PROVINCE OF ISABELA
City of Ilagan

BRO ASAP

AYUDA SA PRESYO

	PALAY	MAIS
NFA BUYING PRICE	P17.40	P12.30
AYUDA MULA SA KAPITOLYO		
BRO ASAP (Ayuda sa Presyo)	4.00	2.50
BRO PPP (Pantawid Pamasaheng Program)	0.50	0.50
KABUOANG AYUDA MULA SA KAPITOLYO	4.50	3.00
TOTAL BUYING PRICE	21.90 /kilo	15.30 /kilo

Note: The total buying price for Palay (21.90) and Maize (15.30) is the sum of the NFA buying price and the total subsidy from the Provincial Capitol (4.50 for Palay, 3.00 for Maize).

Bojo - Rodito Opportunities (BRO) Farmer Assistance Program

ISABELA
ditoayo

BRO AYUDA SA PRESYO

Sa mga panahon na sobra ang suplay sa pangangailangan, bumababa ang presyo ng mga produkto at ang unang naapektuhan sa bawat pagbaba ay ang mga maliliit na magsasaka.

Lubhang mahalaga sa pamunuang Bojie Dy at Tonyet Albano ang kapakanan ng ating magsasaka dahil sadyang napakalaki ang kanilang kontribusyon sa pagpapalago ng lokal at pambansang ekonomiya.

Hindi lingid kanino man ang suliranin sa presyo ng mga pangunahing produkto ng palay at mais sa ating lalawigan lalo na sa panahon ng anihan.

Dahil dito, nakipag-ugnayan ang Pamahalaang Panlalawigan ng Isabela sa National Food Authority (NFA) sa pagsasakatuparan ng programang magdadagdag presyo sa produktong palay at mais ng mga magsasaka kung sila ay magbebenta sa NFA.

BAKIT KAILANGAN ANG “AYUDA SA PRESYO”?

1. Dagdag kita sa mga maliliit na magsasakang PhP 6,000.00 sa palay at PhP 3,750.00 sa mais kada ektarya.

2. Bigyang prayoridad sa programang pamahalaan ang pagpapasulong ng kabuhayan ng mga magsasaka na nagmamay-ari at nagbubungkal ng ¼ hanggang 1.0 ektaryang taniman ng palay o mais.

3. Sa pagkakaloob ng dagdag presyo sa kanilang produkto, ma-iaangat ng mga maliliit ns

magsasaka ang kakayahang tugunan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan .

4. Makatulong sa pagpapalago ng seguridad pagkain para sa bansa (food sufficiency).

ANG MGA MAKIKINABANG O BENEFISYARYO NG PROGRAMA

1. Mga maliliit na magsasaka na ang lawak ng lupain ay mula 1/4 hanggang 1.0 ektarya lamang at kabilang sa talaan o General Masterlist of Small Farmers ng Lalawigan/Probinsiya.

MGA DAPAT GAWIN UPANG MAKASALI SA PROGRAMANG “AYUDA SA PRESYO”

Ang mga maliliit na magsasaka ay dapat kumuha ng **Passbook sa NFA**. Ang passbook ang ipakikita kung ipagbibili ang produkto sa NFA.

Sa pagkuha ng Passbook sa NFA, ang gastos na P50.00 sa processing fee ay babayaran ng Pamahalaang Panlalawigan ng Isabela. Ang mga maliliit na magsasaka na walang passbook ay dapat tiyakin na ang kanilang pangalan ay nakasama sa talaan o

General Masterlist na nauna nang isinumite ng Pamahalaang Panlalawigan sa NFA.

Ang talaan ng pangalan (Masterlist) na nanggaling sa mga Municipal Agriculturist (MA) at Municipal Planning and Development Coordinator (MPDC) sa buong lalawigan ay nagsisilbing pansamantalang listahan ng mga kwalipikadong magsasaka sa programa.

MGA LOKASYON NG BUYING CENTERS NG NFA

Ang lahat ng NFA warehouses sa Lalawigan ng Isabela ay kasali sa programang ito. Bibilhin nila ang mga produktong ibebenta sa halagang katumbas ng uri o kalidad ng produkto. Inyong alamin ang NFA Buying Center na malapit sa inyong lugar at doon niyo dalhin ang palay o mais na inyong ititinda.

DAMI NG SAKO O KILO NA PUWEDENG IBENTA SA NFA PARA MAKUHA ANG AYUDA SA PRESYO:

Malilit na magsasaka o small farmers:

30 cavans sa palay/30 cavans sa mais, tuyo na may timbang na 50 kilo humigit-kumulang bawat sako.